


# China, PH agree to hold 'friendly consultations'

see P.2


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563

domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 16 10.00 JANUARY 15 - 21, 2024

## PBBM: Pabahay sa Ciudad Kaunlaran inumpisahan na

see P.5

## Tambalang Encabo-Frani, ready na!



BUSISIIN NATIN

## 'Super Spelling Bee' gagawin sa SM Supermalls

SUPERMALLS

Nakatakdang ilunsad ng SM Supermalls ang proyektong Super Spelling Bee.

Ibinalita ito ni Secretay Vice President at Education Secretary Sara Duterte matapos ang isang miting niya sa mga opisyal ng SM Supermalls. Huwebes, Enero 18.

Inihayag ang balak na patimpalak nang dumalaw at magbigay galang ang mga opisyal ng SM Supermall sa opisina ni Duterte.

"Ipinaalam nila sa amin ang kanilang plano na maglunsad ng isang Super Spelling Bee contest sa kanilang malls na ang sasali ay

*Sundan sa pahina 7*



VP Sara Duterte



# Tanza: 6 Barangay, 'drug cleared' na!

Kasabay ng pagbibigay ng pagkilala sa mga barangay na idineklarang "drug cleared" sa bayan ng Tanza, inihayag ni Mayor Yuri Pacumo na mas patitindihin pa ng lokal na pamahalaan ang kampanya laban sa ilegal na droga.

Nabatid ng BantayBalita na mas naging aktibo ang lokal na pulisya, katuwang ang Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) at ang Local Anti-Drug Council upang ganap na malinis sa bawal na gamot ang munisipalidad.

Idineklarang malinis na sa bawal na gamot ang Barangay Poblacion I, Poblacion II, Julugan III, Lambingan, Tres Cruses, at Amaya III.

May programa na rin ang Sangguniang Bayan para sa rehabilitasyon ng mga biktima ng ilegal na droga, sabi ni Mayor Yuri Pacumio -- na nanguna sa pagpuri at pasasalamat sa mga opisyal ng barangay na tumulong sa matagumpay na kampanya laban sa bawal na gamot.

Sa gitna ng larawan, kasama ni Mayor Pacumo ang mga opisyal ng barangay at ng lokal na pulisya ng Tanza, /DBCaoile

## Wow, 'yan si Kuya Gov Jonvic!




MY CUP OF COFFEE

## Tutulong muna, saka na ang politika: Lady Jacinta



REVANZE

## SSS, hanggang kailan ako mag-titiis!



Sa Ganang Akin

## Isa kami sa pamil-yang "Poor!"



SA TOTOO LANG!

## Araykupoooo! P60/kilo na ang bigas



MAKIKIRAAN PO!

## Mga biktima pa ni 'Sextortionist,' hini-ling na magreklamo

P.2

## TCSHS wins in MakeX robotics challenge in China

P.5

# China, PH agree to hold 'friendly consultations'

China and the Philippines have agreed to hold a "frank and in-depth" discussion related to the South China Sea territorial dispute.

In a statement, the China's Ministry of Foreign Affairs said that Assistant Foreign Minister Nong Rong and Philippine Department of Foreign Affairs (DFA) Undersecretary Theresa Lazaro met during the eighth meeting of the China-Philippines Bilateral Consultation Mechanism on the South China Sea held in Shanghai, and both officials believe that maintaining communication and dialogue is essential to maintaining maritime peace and stability in the area.

Both officials also agreed to manage maritime conflicts and emergencies, differences and problems through "friendly consultations" and that the South China Sea issue is not the sum of relations between Beijing and Manila.

The 8th Bilateral Consultation Mechanism in Shanghai is pursuant to the agreement reached between President Marcos Jr. and President Xi Jinping in San Francisco last November to manage tension in the South China Sea.

Foreign Affairs chief Enrique Manalo also held a phone call with his Chinese counterpart, Wang Yi, on the issue in December last year.

In a statement released Friday, Jan. 18 by the DFA, it said both sides "agreed to calmly deal with incidents, if any, through diplomacy."

The two sides agreed to properly manage maritime conflicts and differences through friendly consultations, as well as properly handle maritime emergencies, especially the situation around the Second Thomas Shoal, known as Renai Reef in China, and Ayungin in Manila.

"Both sides presented their respective positions on the Ayungin Shoal and assured each other of their mutual commitment to avoid escalation of tensions," the DFA said.

The relations between Beijing and Manila were strained after numerous incidents of confrontation between their ships in the West Philippine Sea in the South China Sea, with the two trading accusations of provoking conflict in the strategic waterway through which nearly $5 trillion in goods passes annually, or nearly one third of the global maritime trade.

The Philippines, Vietnam, Malaysia, Brunei and Taiwan are claiming parts of the South China Sea.

China claims nearly the whole South China Sea, including parts of the exclusive economic zones of the other claimants, and has been getting more aggressive in asserting its claim.

All, except Brunei, have stationed troops in the respective islands they are claiming.

The Philippines uses West Philippine Sea to refer to areas it claims in the South China Sea.

# Mga biktima pa ni 'Sextortionist,' hiniling na magreklamo

Kung may iba pang naging biktima ang suspek na sextortionist, maaring magsampa ng kaso sa National Bureau of Investigation – Organized and Transnational Crime Division (NBI-OTCD).

Kasalukuyang nakapiit si Dave Herson Dohinog Abano na inaresto sa isang bitag na inilatay ng mga ahente ng NBI dahil sa reklamo ng isang biktima nito sa General Trias City.

Sa reklamo ng biktima na itinago ang pangalan, naakit siya ni Abano na nakilala niya sa Facebook na mai-rekord ang kanyang hubad na katawan at video na inilabas online.

Inamin ng biktima na pumayag siyang makipag-sex sa suspek nang pangakuang buburahin ang naikalat na sex video at hubad niyang larawan sa Facebook.

Sa halip, siningil pa siya ni Abano ng P368,000 na bayad daw sa nagastos sa pagkuha ng mga hubad na litrato at video.

Upang matigil ang pangingikil ng suspek, nagsumbong ang biktima sa NBi at sa inilatag na bitag, nadakip ito noong Huwebes, Enero 11 sa isang establisimyento sa Gen. Trias City,

Mga kasong Grave Coercion, Anti-Photo and Video Voyeurism Act, Using Fictitious Name and Concealing True Name at Anti-Alias Law ang isinampa laban kay Abaño.

Kaugnay nito, inaanyayahan ng NBI ang sinomang naging biktima na magsampa ng reklamo laban sa suspek. /Baby Gen T. Tan

# Wow, 'yan si Kuya Gov Jonvic!



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

Thanks po, may sumagot sa tanong sa isang kolum namin dito sa BantayBalita tungkol sa 'marites' na kuno, kung totoo raw magbabanggaan para sa gobernador ang mga idol nating Sen. Bong Revilla at Gov. Jonvic Remulla.

There's no iota of truth, tsismis lang, sabi ng ating commenter, "pero may bagong tsismis."

Ako ngayon ang naintriga, kasi, kahit may isa pang term para mag-reelect si Sir Bong sa Senado, he wants to go local politics, ganu'n?

Kasi, may "word at world war" na mangyayari sa House at Senado, kaya iwas muna sa national politics si Sir Bong, sabi ng isang commenter natin, na sabi niya, napi-feel niya, lantaran nang mabibiyak ang UniTeam nina VP Sara Duterte at Prez Bongbong Marcos, "becoz blood is thicker than water."

First cousin ni PBBM si Speaker Martin Romualdez (SMR)na kahit di umaamin ang magpinsan, major political enemy ni Speaker si VP Sara sa presidential race sa May 2028.

Pag nangyari ito, maiipit sa gilingang bato si Sen. Bong, kasi kumare niya, BFF pa si VP Sara at si Speaker ay BFF din niya, considering, kaalyado sa House ang dalawang anak niya, si Cavite 1st District Jolo Revilla at Agimat partylist Bryan Revilla at ang misis niya, Cavite 2nd District Rep. Ate Lani Mercado Revilla.

Tungkol sa signature campaign para sa people's initiative (PI) ni SMR, quiet ang walong district congressman natin sa Cavite ay ang maugong sa social media, may pabuyang P20-M daw bawat congressional district kung makapagde-deliver ng votes para maisulong ang charter change (Cha-Cha) sa pamamagitan ng PI para maging parliamentary system na tayo at burado na ang presidential system of government.

Sa isang bigwas, erase na, di na maglalaban sa 2029 sina VP at Martin, at si Speaker dahil complete control niya ang House -- na magiging parliament, maiuupo siya na prime minister na magpapatakbo ng gobyerno.

Nice analysis ito ng isa nating reader.

Kaya nga para makaiwas sa "world war" sa Congress, magme-mayor na lang daw si Bong sa isang progresibong siyudad sa Cavite, oy hindi sa Bacoor, kasi, andun si Mayor Strike Revilla.

At ang 'marites' ang magiging katiket ni Sir Bong ay isang kandidatong mula sa isang sikat na political clan sa Cavite.

Bahala na po ang ating reader na mag-isip, kung saan city government nais mag-mayor si Sir Bong.

Isa pang dahilan, kaya hindi lalabanan ni Sir Bong si Gov. Jonvic kasi, BFF sila at mahihirapan siya na manalo laban kay Kuya Gov sakaling maglaban sila.

Mas okey nga na mag-city mayor si Sir Bong kaysa banggain si Gov. Jonvic na kasangga nila sa Cavite politics.

Recently, muling pinasigla ni Gov.c Remulla ang "Ugnayan sa Barangay" program para mapalakas ang pagtutulungan ng local government unit upang mapabilis ang delivery ng mga serbisyo sa mga mamamayan.

Nitong nakaraang linggo, nakipag-ugnayan ang provincial government sa mga residente ng Barangay Paliparan III, Barangay Salawag, at Barangay Burol Main sa Dasmariñas City -- na dun, sa huntahan ay ipinaliwanag ang mahahalagang serbisyo at programa na sinisimulan nang




ipatupad ng gobyerno sa Kapitolyo.

Una, health care na madalas gawin sa medical mission sa mga barangay: libreng medical consultation, bunot ng ngipin at libreng pustiso para maka-smile na ang mga bungal, hehehe, pagpapaospital sa mga may sakit at tulong sa operasyon ng mga kailangang maoperahan.

Andyan ang tulong sa edukasyon, iskolarsip, ayuda sa mga tao at pamilyang nasa krisis, at ang maraming inuumpisahang infrastructure at mga tulong sa sektor ng seniors, PWDs, solo parents at iba pang social services.

Bawat bayan at siyudad, masigla ang Ugnayan sa Barangay, at masayang umuuwi ang mga tao kasi, may bitbit nang gamot, bitamina, bigas at financial help, may naiuuwi pang premyo pag sinuwerteng manalo sa raffle draw.

Saan ka pa hahanap ng ganyang serbisyo!

Kay Gov. Jonvic, sa pamamagitan ng Ugnayan sa Barangay, nailalapit nang husto ang kalinga at malasakit sa mamamayang Caviteno.


Teka, nahulaan na ba nyo -- kung totoo nga na magme-mayor si Sir Bong -- kung saang progressive city siya tatakbo.

Subukan nyong mag-email sa akin sa domzcaoile@yahoo.com at may premyong kiss, hehehe at libreng kopya ng BantayBalita ang makahuhula nang tama.

Pero tandaan, tsismis lang ito, walang katiyakang mangyayari nga, kaya bakit ang lakas ng ingay at bulong-bulungan!

Happy reading po.

# SSS, hanggang kailan ako magtitiis!



## Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

Talaga bang tinitikis ako ng kapalaran at sinusubok pa ang pagtitiyaga ko, kahit ngayon na halos malagot na ang pisi ng aking pagtitiis.

Aaminin ko, masyado akong na-depress nitong nakaraang ilang linggo, at sa pag-iisa ko, sadyang nawawalan na ako ng ganang mabuhay pa, kasi nga, ang matagal ko nang hinahabol na claim sa SSS benefits ng aking anak na namatay, na ako ang solo claimant, talagang ginawa ko na ang lahat, kinumpleto ko na ang mga dokumento, pero tinatanggihan pa rin ako.

May kulang pa rin, kapag ang huling dokumento na hiningi nila sa akin ay nakumpleto ko na. Bigla, may bago na namang requirement na dapat kong i-submit.

E sa edad kong 80-anyos na hirap na hirap na akong maglakad nang solo lamang, talagang perwisyo ang mag-commute sa pansamantalang tirahan ko ngayon sa Bulacan, paputang Deparo Caloocan SSS branch.

Dagdag pa rito, nakahihiya mang sabihin, halos pamasahe na lang, wala nang pagkain ng tanghalian ang dala kong pera, pero pinagtitiyagaan ko, kasi malaki ring tulong ang makukuha kong sa benefit ng anak ko.

Talagang hirap na hirap ako na makumpleto ang mga dokumento na inumpisahan kong ipunin, ayusin noon pang 2022 at ng nakaraang 2023 at ang sabi ng mga nakausap ko sa SSS, malapit ko na raw matanggap.

Pero ang laking dismaya ko, ay gusto kong magwala talaga, mgha bossing ko, kasi nang dinala ko ang noong nakaraang linggo ssa Deparo Brancg ng SSS, ano po ang sabi sa akin: Bumalik daw ako sa Pebrero 23, Friday.

Kasi, di raw nila tatanggapin ang Death Certificate at Birth Certificate ng mag-amang Josue at Francis Zamora na mula sa ospital.

Hindi raw ino-honor iyon at kailangan ay ang certified cooy mula sa PSA (Philippine Statistics Administration).

Sana naman unawain na ako, at tulungan at talagang hirap na hirap na akong maglakad, ano ba naman, magkusa na silang tingnan online sa website ng PSA ang death and birth certificate bilang tulong nila sa akin.

Ano ba naman na intindihin nila ang kalagayan ko na matanda na, hirap nang mag-commute, lalo na sa pagsakay-sakay sa jeep at bus at lagi pang kulang ang pera sa mga gastusin.

Wala naman akong mautusang lumakad nyon o pag sinusuwerte, may kapwa ako matanda na rin na sumasama sa akin sa paglalakad ng mga dapat lakarin.


Mga taga-SSS Deparo, ano kailan nyo ako matutulungan"

Hanggang kailan ako magtitiis o wag nawang mangyari, ano ba ang sabi ng idol kong si Sen. Imee Marcos, "Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo?"

Paano kung mawala na ako na hindi ko ma-claim ang SSS benefits ni Francis Zamora ... sino ngayon ang kukubra niyon?

Para sa inyong comment, arzmedia777 @yahoo.com

# Tambalang Encabo-Frani, ready na!



## BUSISIIN NATIN

by Tom Halim

Kasabihan na: Iba na ang maagap, kaysa masipag.

Latest news from progressive Dasmarinas City, ito na, buo na ang tiket para sa sagupaang malakas: For mayor, dating vice mayor at provincial board member, Valeriano 'Vale' Encabo at ka-tandem niya para vice Mayor Jess Frani; para bokal ng Cavite 4th District, Eleuterio Guimbaolibot at Edwin Alvaran Sotto.

Para city councilor, maisasama, ayon sa ating sources, sa line-up sina Enar Caparal, Edwin Astorga, Jun Dedace, Pilo Campano, Erning Santiago, Narciso Vinegas, Maliksi, Laki Mendoza,Hardie Hayag, Lito Toledo, at dalawa pang ayaw muna magpakilala.

Lahat ng binanggit ay subok na ang kakayahan, karanasan at talino upang pamahalaan ang City of Dasmarinas, pero maaaring may pagbabago pang mangyayari, at sa kalagitnaan ng 2024, maisasa-final ang line-up ng Encabo-Frani tandem.

@@@

Kapitan Garry Esteban



Nakitaan ng aktibo, maayos na paglilingkod bilang konsehal, nitong nakaraang Barangay SK elections, nahalal na Punong Barangay ng Fatima I si Kapitan Garry Esteban..

Sa ating interview kay Kap Gerry, inilatag niya ang mga programa niya upang mapanatili ang peace and order, kalinisan, paghahatid ng tulong medikal, edukasyon, trabaho at iba pa.

24/7 ang itinalaga niyang duty ng mga tanod at laging may tao sa barangy upang silang tumugon at mag-asikaso sa mga inilalapit ng mga kabarangay.

Sabi ni Kap Gerry, makakaasa sa maayos at matapat na serbisyo ang ipaglilingkod niya sa kanyang nasasakupan.

@@@

Kapitan Alexander Ablang Jr.

Paano kung walang suplay ng tubig: malaki itong problema, lalo na sa kalusugan.

Isa ito sa hinahanapan ngayon ng solusyon ni Kapitan Alexander Ablang sa Barangay.

Kaya nakipag-ugnayan siya kamakailan sa pamunuan ng Dasmarinas Water District at Prime Water upang maihain ang kakulangan ng tubig na idinadaing ng kanyang kabarangay.

Upang masolusyonan ito, naimungkahi ni Kap Ablang na magkaroon sila ng sariling Pumping Station, at bahala siya na humanap ng lugay na mapagtatayuan nito.

"Awang-awa na po ako sa aking mga kabarangay, kami man, ang pamilya ko e nahihirapan din. Sa gabi lang may tubig dito," sabi ni Kap Alex.

Mahrap talaga ang kalagayan ng mga taga-Barangay Emmanuel Bergado 1 na gabi-gabi, mapupyat pag-aabang sa pagtulo ng tubig sa gripo, at mahirap kung makalimutan na mag-ipon ng tubig.



Kaya tama ang nais ni Kap Ablang na magkaroon sila ng sarilin pumping station nang hindi na sila mapupuyat sa pag-iipon ng tubig.

Isa pa, iaayos niya ang one side parking sa Talipapa para hindi makaabala sa a mga motorista.

"Basta sa ikaaayos ng mga problema, ito ay agad nating inaaksyonan at inilalapit sa kinauukulang makatutulong upang mapaginhawa natin ang ating mga kabarangay," sabi ni Kap Ablang.

Para sa inyong komento, magmensahe lang sa tomhalim1975@yahoo.com

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

HENRY E. CAOILE
*Founder*

DOMZ B. CAOILE
*Publisher*

ELI TAPARAN II
*Editorial Consultant*

ADELA R. ZAMORA
*Special Projects Director*

GENE TAPARAN TAN
*Chief of Reporters*

JANETH W. BILBAO
*Circulation Manager*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# PBBM: Pabahay sa Ciudad Kaunlaran inumpisahan na






Masayang nakiisa kay Presidente Bongbong Marcos ang mga kilalang personalidad sa politika nang pamunuan nito ang pagsisimula ng seremonya ng pagsisimula ng Ciudad Kaunlaran housing project sa Barangay Molino 2, Bacoor City kamakailan.

Kasama sa ground breaking ceremony ang mga opisyal ng siyudad sa pangunguna ni Mayor Strike B. Revilla, Cong. Lani Mercado- Revilla, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, mga opisyal ng barangay.

Itong Ciudad Kaunlaran project ay pangangasiwaan ni National Housing Authority (NHA) General Manager Joeben A. Tai at siyang unang proyektong pabahay ng pangulo ngayong 2024.

Batay sa plano ng proyekto, siyam (9) na gusali ang itatayo na mayroong limang (5) palapag ang bawat isa.

Aabot sa 540 unit ang maitatayo na sukat na 24 sqm kada bahay.

Nabatid ng BantayBalita na nakamit ang proyektong ito mula sa pagsisikap nina Mayor Strike at Vice Mayor Rowena Bautista-Mediola at ni Rep. Mercado-Revilla at ng mga konsehal ng Sangguniang Panlungsod, at siyempre sa tulong ni Senator Bong Revilla at nina Agimat Partylist Cong. Bryan Revilla at Provincial Board Member Ram Revilla.

Ang proyektong Ciudad Kaunlaran ay bahagi ng programang Pabahay ni PBBM para sa mahihirap na pamilyang Pilipino sa ilalim ng Department of Human Settlement and Urban Development (DHSUD).

Pinasigla ang okasyon sa pakikiisa nina Sen. Cynthia Villar, Sen. Francis Tolentino, DHSUD Secretary Jose Rizalino L. Acuzar, Distict One Cong. Jolo Revill Revilla, Governor Jonvic Remulla, Sen. Mark Villar, Cong. Crispin Diego Remulla, mga kapitan at kagawad ng barangay at mga opisyal ng Sangguniang Kabataan ng Bacoor, at mga kawani ng pamahalaang lungsod.

Sa okasyon, labis na pinasalamatan ni Mayor Strike B. Revilla si Pangulong Marcos Jr. at sa mga opisyal ng DHSUD at NHA sa proyektong mapakikibanagan ng mga kuwalipikadong Bacooreno. /ELI taparan II






Francisco Motors Corporation is offering cheaper electricity-powered modernized traditional jeepney.

The e-jeepney by Francisco Motors costs P985,000, which according to the company is way cheaper than other modern jeepneys that cost P2 million to P3 million.

Its jeepney features an electronic door on the right side, a ramp for people with disability (PWD) and senior citizens, an aircondition, and a CCTV, among others.

Francisco Motors also said drivers and operators can avail the jeepney for only P50,000 as the downpayment, which can also be paid via installment.

Additionally, the P280,000 equity subsidy from the government can be deducted from their balance.

"'Yung mga jeepney natin, it's part of our identity, it's part of our culture diba? Ang gaganda ng jeep natin mga makukulay. 'Yung mga foreigners part ng bucketlist nila na magpa-picture sa jeepney, so bakit natin tatanggalin 'yun?" said Francisco Motors chairman and CEO Elmer Francisco. Source: ONE NEWS

# Araykupoooo! P60/kilo na ang bigas



**MAKIKIRAAN PO!**

ni Janet W. Bilbao

Kalimutan na ang pangakong P20 kada kilo ng bigas na pangako ni Pres. Bongbong Marcos.

Posible nma tumaas pa ito sa P60/kilo, sabi ng grupong Bantay Bigas.

E, di po ba kaya marami ang bumoto kay PBBM noon, kasi naniwala na kayang maibaba ang presyo ng bigas at iba pang bilihin, ito ngang bigas sa P20 per kilo.

Pero wala, nawala na ang Kadiwa stores na nagbenta ng P20 per kilong bigas at patuloy ang pagtaas ng presyo ng lahat ng bilihin, pati ang koryente, tubig, gamot, pamasahe, at ...

Eto nga ang sabi noong Huwebes, Enero 17, ni Bantay Bigas spokesperson Cathy Estavillo na sa ngayon ay nasa presyong P54-P55/kilo ang bigas na ibinibenta sa mga palengke sa Metro Manila.

Sa ibang palengke, P60/kilo na ang pinakamurang presyo ng mahinang klase ng bigas, sabi pa ni Estavillo.

"Yung de klaseng ibigas, naglalaro na sa P65-P68/kilo.

"E sa P54 e napakabigat na sa bulsa ng ating kababayan, paano na ang mas walang-walang pera," sabi ng BantayBigas.

Sabi pa ni Estavillo, mas tataas pa ang presyo dahil sa parating na ang tag-init na kakapusin na tayo sa tubig, kasama ang patubig sa mga palayan.

Sa atin sa Cavite, kumusta ang presyo ng karaniwang bigas, nasa mahigit na bang P55 kada kilo?

Kailan kaya aaksiyon ang gobyerno?

@@@

Sabi ng Comelec, was basta pirma nang pirma sa people's initiative (PI) na inilalapit sa atin para raw amendahan ang Constitution.

Sabi ay may mga barangay na may nagpapapirma na rin, may may kasamang ayudang incentive daw na pera at bigas pag pumirma at isinasabay ito sa ayuda na ibinibigay ng DSWD.

Incentive o anoman ang itawag nila sa pera, sabi, ito ay kumbaga ay "vote buying" o suhol.

Wala tayong naririnig na programa para mapababa ang presyo ng bilihin o maitaas ang sahod ng mga may trabaho, at ang naririnig natin, ang patuloy na pagtaas ng presyo ng lahat ...

Biro nga ng mga loko, unano na lang ang hindi tumataas.

# TCSHS wins in MakeX robotics challenge in China

Tuguegarao City Science High School (TCSHS) Robotics team won the third place in the MakeX robotics challenge category held in Yantai, China, last December 8–11, 2023.

The competition was participated by more than 30 countries around the globe to promote multidisciplinary learning in the fields of science and technology 12.

The team is composed of Ezekiel Delos Santos, Aaron Malabad and Tyrone Gabrielle Pangilinan, mentored by their coach, Ronevir Dulin.

The team also brought home the Best Cultural Award 1. TCSHS is one of the beneficiaries of the Smart and Sustainable Communities Program project of Department of science and Technology (DOST) Region 2, "Advancing Classroom-Based Collaboration and Enhancing Laboratory Equipment through the Provision of Robotics and Technological Equipment to Science-Oriented Students," simply known as ACCELERATES.

This groundbreaking initiative of the agency, in partnership with the local government unit of Tuguegarao City, aims to upgrade laboratories through robotic kits and other equipment to empower science-oriented students by enhancing classroom-based collaboration and laboratory experiences through advanced technology.

The school congratulated the Robotics team for bringing pride to the Philippines and representing Region 02 in the international arena 13. /with PAPI






# P320,000 halaga ng karne nasunog

Tatlong freezer na may lamang processed meat ang natupok sa sunog na naganap sa Barangay Molino III sa Bacoor City.

Sa ulat ng City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO), sumiklab ang apoy sa Puregold sa Lokal Molino na naagapan agad ng mga tauhan at sekyu ng tindahan kaya hindi kumalat ang sunog, bandang alas 2.25 ng madaling araw ng Huwebes, Enero 18.

Naapula na ang sunog nang dumating ang mga bumbero ng Bureau of Fire Protection (BFP),

Tinatanya na umaabot sa P320,000 ang halaga ng processed meat na nakaimbak sa loob ng tatlong freezer na nasunog, ayon sa BFP.

Iniimbestigahan pa ang insidente na ayon sa imbestigador, maling pagkakabiit ng linya ng koryente ang sanhi ng sunog.

Walang ulat na may taong nasaktan sa sunod at wala ring gaanong pinsala sa gusali ng Lokal Molino. /Janet W. Bilbao



# DA: Umayuda sa 295 magsasaka ng Naic

"Malaking tulong po ito sa amin. salamat po!"

Ito ang sinabi ng mga magsasaka ng palay sa bayan ng Naic sa tinanggap na tulong pinansyal mula sa Department of Agriculture (DA).

Ang pondong ipinamigay, ayon sa DA, ay mula sa nalikom na buwis sa taripa ng importd rice noong 2022.

Nabatid ng BantayBalita news desk na mga magsasaka na rehistrado sa Registry System forBasic Sectors in Agriculture (RSBSA) ang nakatanggap ng pondo mula sa programang Rice Farmers Financial Assistance (RFFA).

Mga magsasaka mula sa barangayMuzon, Molino, Malainen Luma, Timalan, Sabang, Halang, Palangue 1, San Roque, Sapa, Calubcob, Melainen Bago, Lubac, Mabulo, Palangue 2&3, at Bancaan ang mga benepisyaryo ng RFFA.

Naging katuwang ng DA ang Municipal Agriculture Office sa pamimigay ng ayudang financial, ayon sa opisina ni Mayor Raffy Dualan.

"Maraming salamat po sa DA, sa ating Mayor Raffy at sa agriculture office sa tulong na ito sa amin," sabi ng isang magsasaka mula sa Barangay Palangue 1. /BABY GENE T.TAN

# 'Asia's best hacker' arestado

Naarresto na, alas 2 ng hapon, Biyernes, Enero 12 si Edgar Silvano Jr., 47 sa tinitirhan nito sa Barangay Talon Dos, Las Pinas City, ayon sa report ng National Capital Region Police Office (NCRPO).

Dinakip si Silvano, ayon sa NCRPO, base sa search warrant na iniisyu ni Las Pinas Regional Trial Court Branch 202 Judge Elizabeth Yu Guray.


Tinawag na Kilabot na Hacker si Silvano noong 2001 nang ma-hack ang international banking system sa Hong Kong, pero nakalaya nang sumailalim sa protation.

Nakumpiska kay Silvao ang sumusunod: 11 cell phones, pitong (7) flash drives, limang (5) aptops, apat (4) SD cards,tatlong (3) Wi-Fi routers, (2) hard drives, isang (1) desktop at isang (1) modem.

Kasama sa nasamsam at sinusuri ang maraming dokumento sa bentahan ng lupa, nga titulo ng lupa, mga sasakyan, mga impormasyon tungkol sa deposito at bank account na nasa pangalan ng iba-ibang tao.

Kasong paglabag sa Republic Act 8484 (Access Device Regulations Act of 2012) at RA 10591 na nagpaparusa sa ilegal na pag-iinhat ng baril matapos mahuli kay Silvano ang isang 9mm pistol na may siyam (9) na bala.

Noong 2016, naaresto si Silvano ng National Bureau of Investigation (NBI) sa paglabag sa RA 8484 at pag-iingat ng ilegal na droga.



# Isa kami sa pamilyang "Poor!"



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

Ito ang piho ko ay totoo na kasama ako sa kategoryang ito, ayon sa survey ng Social Weather Stations (SWS) na umaabot sa 13 milyong pamilyang Pilipino na sila ay "poor".

Ayon sa SWS, sa survey nila, mula Dec. 8-11, 2023, bahagyang bumaba sa 47 percent ang ipinapalagay ang sarili nila na mahirap o poor.

Kasi noong September 2023, nasa 48 percent or 13.2 milyong pamilya ang kino-consider na sila ay poor.

Sa totoo lang, kahit naman hindi mag-survey ang SWS at iba katulad na survey company, kita naman na hindi umaangat ang buhay ng pamilyang Pilipino.

Katunayan sa 2024 budget, ang ibinadyet ng House of Representatives para sa ayuda ay P500 bilyon, opo, ayuda o sabihin na natin nang deretso, abuloy, limos iyon sa mga katulad naming mahihirap.

Teka, aba sa halip na iayuda, pwedeng ipagpatayo ng manufacturing o pabrika ang halagang ito para magkaroon ng trabaho ang mahihirap na tuladf naming miyembro ng Solo Parents ng Naic.

Matatalino ang economic manager ng administrasyon, alam nila ang negosyo o pabrika na pwedeng maitayo na mag-eempleyo sa maraming jobless.

Pero sa halip na gawin ito, ayuda, limos, abuloy ang naiisip na ibigay sa mga poor Filipinos.

Sabi nga, wag magbigay ng isdang kakainin, kasi sa susunod na araw, magugutom ang binigyan ng kakainin.

Pero kung bibigyan ng mga gamit sa pangingisda, tuturuang mangisda ang mahihirap, hindi na siya aasa pa sa ayuda, makapagsasarili pa at magkakapera at makakaipon nang umasenso ang buhay.


Pero mas madaling gawin ang pamimigay ng ayuda -- na pwede pang maibulsa -- at kung aasa lagi sa ayuda ang taumbayan, parang pulubi tayo na kahit ano ang gusto ng politiko, walang magagawa tayo kungdi ang pumayag at maging mahirap na pala-asa sa maibibigay ng gobyerno.

E, ang pera naman na ipinamimigay, hindi naman nila pera, ... pera iyon mula sa buwis ng taumbayan.

Eto ang chart na nakita ko, at malinaw sa ating mababasa kung saang kategorya tayo nabibilang.

Pili na kayo kung saang kategorya kayo nakalinya, basta kami, alam na, masa low-income na poor pa rin, tulad ng marami sa mga katropa ko.

Para sa inyong komento, sarfia926@gmail.com



# The DOST Day Care Center receives a major boost through aid from the National Bookstore Foundation

The DOST Day Care Center will be transformed into a highly conducive learning facility for children," remarked Ms. Bea Torres, Director of the National Book Store (NBS) Foundation, during the recent Kickoff Ceremony of the partnership between the Department of Science and Technology (DOST) and NBS at the DOST Day Care Center (DDCC) in Bicutan, Taguig City.

The DDCC was founded on August 1, 1997 in support of Executive Order No. 340, 1997, directing national government agencies and government-owned and controlled corporations to provide Day Care Services for their employees' children under five years of age. Since then, the institution has produced graduates who are well-equipped for their education.

It aims to offer a high-quality gender-responsive S&T preschool education that works collaboratively with parents and ensures that every preschooler learns and grows in a nurturing, fun, and safe environment, setting the foundation for a lifelong love of education and success in school and life.

The pandemic caused the suspension of operations of the DDCC for almost three years, which gave way to the facility's rehabilitation. It was relaunched last June 13, 2023 as one of the highlights of the 65th Anniversary of the department. With the partnership with NBS Foundation and other stakeholders, it is now ready to welcome the children again for a fun-packed learning experience.

National Book Store, the country's largest bookstore and supplies store, through its social arm NBS Foundation, will partner with DOST to transform its facility into a learning center by providing books, school supplies, learning materials, and redesigning the center through activities such as painting murals and donating furniture.

Ms. Torres stated that the DDCC will be the first in the NBS Foundation's initiative to launch a daycare center in government agencies in the country. She added that during the pandemic, their operations in public schools were halted; thus, the idea to establish learning centers in government agencies was conceived to continue providing assistance to children through education.

She also mentioned that to expand the reach of their services, NBS Foundation would like to start at home, where the central base of operations is located, and use it as a model for other regions to replicate. "I hope that with this legacy we are giving to DOST, education lives on regardless of where we are," concluded Ms. Torres.

DOST Undersecre-tary for Regional Operations, Engr. Sancho A. Mabborang, who played a key role in connecting DOST to NBS Foundation, shared that NBS Foundation has been a longtime partner of his office through the Community Empowerment through Science and Technology (CEST) Program. He also expressed gratitude to the foundation for providing books and school materials to schools in remote regions.

Meanwhile, DOST Assistant Secretary for Administrative and Legal Affairs and the DOST-wide GAD Focal Person, Dr. Diana L. Ignacio, also thanked Oishi and Bayan Ni Juan Advocates for partnering with DOST for the Kickoff Event. Oishi and Bayan Ni Juan donated snacks and gifts to the students and participants in the event. She concluded by expressing her hope that DDCC graduates will take an interest in pursuing a career in science and technology.

The turnover of the NBS Foundation transformed facility is scheduled to coincide with the celebration of the International Day of Women and Girls in Science on February 11, 2024.

The National Book Store Foundation, through Project Aral with partner Bayan ni Juan, together with DOST, also conducted a gift-giving activity with kindergarten students from Daang Hari Elementary School in Bicutan, Taguig City on the same day. Students were provided with NBS notebooks and Oishi snacks and biscuits.

## 'Super Spelling Bee'... *mula sa P.1*

mga estudyante mula sa public and private school," sabi ni VP Duterte.

Ipinaliwanag ng mga opisyal ng SM Supermalls na nais nilang tumulong sa DepEd na pasiglahin ang interes ng kabataang Pilipino na matuto ng tamang ispeling dahil mahalaga itong katangian para sa maayos na komunikasyon.

Pinag-usapan din sa miting ang posibleng partnership ng DepEd at SM Supermalls para sa programang "immersion" ng K-12 students sa kanilang mga establisimyento.

Ito, kung mailulunsad ay makatutulong sa mga kabataan na matanggap na kawani ng SM Supermalls.

Kaugnay nito, inaanyayahan ni VP Duterte masaya nilang tatanggapin ang sinomang nais na tumulong upang mapabuti at maitaas ang kalidad ng edukasyon sa bansa.

May ginagawang pilot testing ang DepEd sa 25 paaralan sa pitong (7) rehiyon sa bansa

Kasalukuyang tinetesting ang nirebisang K to 10 curriculum sa 35 paaralan sa pitong (7) rehiyon ng bansa sa layuning maitaas ang kalidad ng pagtuturo sa kabataang Pilipino.

Kabilang sa kurikulum ay ang paglalaan ng maraming oras ng pagtuturo ng mga aralin sa Mathematics, Science, English, Reading, at Values Formation.

Ayon pa kay VP Duterte, sisimulan ngayong taon ang pagtuturo ng revised curriculum para sa mga estydtanteng Grade 11 at Grade 12. /DBCaoile



*DOST Asec. Diana Ignacio (3rd from left) and NBS Foundation Director Bea Torres (middle) holding the design perspective of the DOST Day Care Center. With them are DOST-STII Director Richard Burgos (leftmost), DOST Usec. Sancho Mabborang (2nd from left), DOST Director Cesar Pedraza (rightmost), and volunteers from Bayan Ni Juan.*

### ADDENDUM TO EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EULINIA S. ARCEO WITH WAIVER

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **EULINIA S. ARCEO** with WAIVER missed to mention / declare with the lawyer that the brother DENNIS STA. CRUZ And RUTH STA CRUZ were Deceased already dated august 5, 2014 and June 30, 2019 this instrument refors to an addendum EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT of ESTATE of the late EULINIA S. ARCEO, Executed before notary public atty. Vivien lucido noble Under DOC. No. 131 Page No. 18 Book No. 5 Series of 2020 Notarized Date: October 07, 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EULINIA S. ARCEO WITH WAIVER

Notice is hereby Given that the ESTATE of the **EULINIA S. ARCEO** who Died on March 26, 2006 at Imus city, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. 630757 Situated in the Municipality of Imus, cavite. (500) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs. Executed before notary public atty. VIVIEN LUCIDO NOBLE Under DOC. No. 157 Page No. 27 Book No. 5 Series of 2020 Notarized Date: September 29, 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EULINIA S. ARCEO WITH WAIVER

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **EULINIA S. ARCEO** Who Died on March 26, 2008 at Imus city, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-186887 Situated in the Municipality of Imus, cavite (254) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. VIVIEN LUCEDO NOBLE Under DOC. No. 156 Page No. 27 Book No. 5 Series of 2020 Notarized Date: September 28, 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE BERNARDO QUILAO SANTIAGO WITH RENUNCIATION OF RIGHT

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **BERNARDO QUILAO SANTIAGO** who Died on February 12, 2010 at Imus city, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-231996 Situated at brgy. Pasong buaya, Municipality of Imus, cavite (100) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC No. 159 Page No. 91 Book No. 153 Series of 2024 Notarized Date: January 09, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE CESAR BANDALAN MODINA WITH ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **CESAR BANDALAN MODINA** who Died on February 6, 2020 at muntinlupa city Left a parcel of Land covered By transfer certificate TITLE No. T-213554 Situated in brgy. Buenavista, Gen. Trias, cavite (692) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs. Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC. 40 Page No. 46 Book No. 159 Series of 2024 Notarized Date: January 10, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE DECEASED IRENEO A. VARIAS

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **IRENEO A. VARIAS** who Died on November 9, 2003 in kaytitinga 3, alfonso, cavite covered By Tax Declaration No. 01- 0011- 00008 issued by the provincial assesor office, located at kaytitinga 3, Alfonso, cavite (10,000) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Teresita sese Ruelos, Under DOC. No. 495 Page No. 99 Book No. XVI Series of 2021 Notarized Date: July 19, 2021

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 15, 22 & 29, 2024**

# Tutulong muna, saka na ang politika: Lady Jacinta



**REVANZE**

by Domz B. CAOILE



**Lady Jacinta Remulla**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 16 10.00 JANUARY 15 - 21, 2024

Una, maraming salamat sa pagpapaunlak nyo sa aming tropa, sa Cavite Press Corps (CPC) at BantayBalita sa request na mainterbyu kayo, madam, lady Jacinta Remulla.

Ito ang nakuha namin mula short interview, aniya, nakatuon ang pansin niya sa mga project na makatutulong sa mga kababayang Caviteno, lalo na sa mga kababayan sa Naic.

"More on project muna tyo, at isa rito, maipa-restore ang aming ancestral house dito sa Naic," sabi niya.

Tungkol sa usap-usapan sa politikang Naic, sabi niya, "Wala pa akong plan sa any political position, Malayon pa naman iyon."

Pero dugtong niya, hindi niya isinasarado ng pinto, "Hindi ko sinasabing ayaw ko, basta malayo pa ang election, Work mna tayo, tutulong muna tayo sa mga tao, lalo na sa mga nangangailangan."

Isa sa advocacy niya, mai-romote ang turismo sa Cavite, sabi niya historical ang lalawigan, at maraming pook o lugar dito na talagang pwedeng dayuhin ng mga local at foreign tourist.

Saka, sabi ni Lady Jacinta, kahit wala siya sa politika, pwede namang magserbisyo sa mga tao.

Nakita niya ang kakapusan sa pabahay, sa trabaho, sa edukasyon.

'Dapat, sila ay mabigyan ng ikabubuhay, ng trabaho, marami ang mga pamilya at mga bata dito na nagkukulang na tayo ng school rooms, teachers at iba pang pang serbisyo para sa mga tao," sabi niya.

"Magseserbisyo ako kahit wala sa politika, lalo na rito sa Naic, lalo na at naririto ang angkan ng lola ko," sabi pa niya.

Sa pagka-alam ko, taga-Naic ang lola niya, si Ma'am Ditas Catibayan-Remulla na maraming kamag-anak sa Barangay Halang at iba pang lugar sa Naic.

Aniya, malaking problema ang basura kaya naisip niya na makapagtayo ng isang planta o makina na makakayang mag-convert na lupa at pataba ang mga nabubulok na nasura at ang mga basurang plastic, mai-convert sa ibang bagay tulad ng silya, mesa at iba pang bagay na maido-donate sa mga paaralan.

May ibang araw pa kaming tinakda para sa isa pang meet-up with the Cavite media, at kami ng tropa ay nagpunta, kasama ni Lady Jacinta sa Barangay Labac at tumulong sa pagpapakawala ng baby pawikan (hastlings) sa katuwaan naming lahat.

More power sa iyo, Lady Jacinta!

@@@

Starbucks Coffee, anti-seniors, PWDs!

Umamin na sa pagdinig ng House Committee on Ways and Means si Angela Cole, Operations Director of Starbucks Coffee na sila ay "nagkamali" sa di-maayos na pagbibigay ng 20% discount sa mga senior citizens (SCs) at personls with disabilities (PWDs) at solo parents.

Sabi ni Cole, inalis na niya ang "erroneous signage" na ang pwede lamang mabigyan ng discount ay para sa "one food item" and "one beverage."

Sa pagdinig ng House, may ganito ring patakaran ang Goldilocks, na limitado ang 20-percent discount "to one slice for every cake."

May mga hotel at entertainment establishment na ganito rin ang trabaho at sinusuway ang batas na nagbibigay ng 20% discount sa mga tulad kong batambatang 60-anyos.

May kaso nang isinampa laban sa Marco Polo Hotel-Pasig na tumangging magbigay ng diskuwento sa isang senior citizen.

Nakausap ko kamakailan ang hepe ng Office of the Senior Citizens Office (OSCA) ng Imus City, sii Ma'am Luzviminda Elbinias, at sabi niya, open ang kanyang opisina upang tumanggap ng mga complaints sa mga establishment sa siyudad na tumatangging magbigay ng 20% discount, ayon sa e Expanded Senior Citizens Act of 2010 (Republic Act No. 9994) at sa Act Expanding the Benefits and Privileges of Persons with Disability (Republic Act No. 10754).

Itong dalawang batas na ito ay nagbibigay ng pribilehiyo para sa SCs PWDs, solo parents ng 20-percent discount at AT exemption on specific goods and services.

Payo ni Ma'am Luzviminda, ipaglaban natin ang ating karapatan.

Para sa inyong komento, email lang sa domzcaoile@yahoo.com



*Photo ops, matapos ang short interview kay Ms. Jacinta Remuilla na ginanap noong Martes, Enero 16, sa Cafe Engracia, Brgy. Mabolo. Nakatayo, mula sa kaliwa: Martiess Leonilo, Gene Adsuara, Irene Gascon, Janice Baricuatro, Vincent Octavio, Margie Bautista, Ruel Francisco, Domz Caoile, Benedict Samson, at Dennis Abrina. Nakaupo, Ms Jacinta Remulla, katabi si Ross Calderon, pangulo ng Cavite Press Corps.*















*Matapos ang pagpapakawala sa 73 baby pawikan, souvenir photo, ikatlo mula sa kaliwa, katabi ni Ms. Jacinta, si dating Labac Brgy. Captain Rogelio Bilugan, ngayon ay pinuno ng Samahang ng Labac Pawikan Patroller. Sa larawan ang iba ng kasapi ng nabanggit na samahan.*